

# Pandaigdigang Kodigo ng Etika Para sa Turismo

**Pandaigdigang Organisasyon sa Turismo**


**MGA NAGSALIN:**
**Bb. Brenda Jean Postrero**
**Bb. Erlinda V. Garcia**
**Gng. Pinky Jane S. Tenmatay**

**NAG-EDIT:**
**Bb. LEONIDA B. VILLANUEVA**
**Nanunungkulang Puno**
**Sangay ng Pagsasalingwika**

**Nag-enkod at nagpasok ng**
**mga koreksyon :** 10/2004
**Rena Navarra-Bondame**

# PANIMULA

**Kaming mga Miyembro ng Pandaigdigang Organisasyon sa Turismo ay nagtipon para sa Pangkalahatang Asamblea sa Santiago, Chile ngayong unang araw ng Oktubre 1999,**

**Muling ipinahahayag** ang mga layuning nakalahad sa Artikulo 3 ng Mga Batas ng Pandaigdigang Organisasyon sa Turismo, at batid ang "tiyak at pangunahing" gampanin ng Organisasyong ito, gaya ng pagkilala ng Pangkalahatang Asamblea ng mga Nagkakaisang Bansa, sa pagtataguyod at pagpapaunlad ng turismo na may layuning makatulong sa kaunlarang pang-ekonomiya, pandaigdigang unawaan, kapayapaan, kasaganaan at pandaigdigang paggalang sa, at pagsunod sa mga karapatang pantao at mga pangunahing kalayaan para sa lahat nang walang pagtatangi sa lahi, kasarian, wika o relihiyon,

**Matatag na nananalig** na, sa pamamagitan ng mga ugnayang tuwiran, kusa at walang tagapamagitan na ibinubunga nito sa mga kalalakihan at kababaihan ng magkakaibang kultura at estilo ng pamumuhay, kinakatawan ng turismo ang mahalagang puwersa para sa kapayapaan at salik ng pakikipagkaibigan at unawaan sa mga tao ng mundo,

**Bilang pagsunod** sa simulain na ayusin ang pangangalagang pangkapaligiran, kaunlarang pang-ekonomiya at sa paglaban sa kahirapan sa isang paraang kayang itaguyod, gaya ng binalangkas ng United Nations noong 1992 sa "Earth Summit" ng Rio de Janeiro at ipinahayag sa Adyenda 21, na pinagtibay sa okasyong iyon,

**Isinasaalang-alang** ang mabilis at patuloy na pag-unlad, kapwa sa nakaraan at yaong nakikinita, ng aktibidad panturismo, maging para sa mga layuning paglilibang, pagnenegosyo, pangkultura, panrelihiyon o pangkalusugan, at ang matinding epekto nito, kapwa positibo at negatibo, sa kapaligiran, ekonomiya at lipunan ng mga bansang kapwa pinagmumulan at tumatanggap, sa mga pamayanang lokal at mga katutubo, gayundin sa pandaigdigang pakikipag-ugnayan at kalakalan,

**Naglalayong** itaguyod ang turismong responsable, maipagpapatuloy at abot-kaya sa buong daigdig ayon sa karapatan ng lahat ng tao na gamitin ang kanilang libreng oras para sa mga paglilibang o paglalakbay nang may paggalang sa mga pinili ng lipunan ng lahat ng mga tao,

**Subalit naniniwala** na ang industriya ng turismong pandaigdig sa kabuuan ay makikinabang nang malaki sa pamamagitan ng pag-opereyt sa isang kapaligirang umaayon sa ekonomiya ng pamilihan, pribadong negosyo at malayang kalakalan at na nagsisilbing lubusin ang kapaki-pakinabang na epekto nito sa paglikha ng kayamanan at pag-eempleo,

**Matibay din na naniniwala na**, sa pasubaling sinusunod ang ilang mga simulain at ilang tiyak na bilang ng mga tuntunin, ang responsable at maipagpapatuloy na turismo sa anumang paraan ay tiyak na hindi kasundo ng lumalaganap na kaluwagan ng mga kondisyong nakakaimpluwensya sa kalakalang nakapaglilingkod at sa pangangalaga nito nag-oopereyt ang mga kalakalan ng sektor na ito at na posibleng maipagkasundo sa sektor na ito ang ekonomiya at ekolohiya, ang kapaligiran at pagpapaunlad, ang pagiging bukas sa pandaigdigang kalakalan at proteksyon ng mga pagkakilanlang panlipunan at pangkultura,

**Isinasaalang-alang na**, sa gayong pamamaraan, lahat ng mga namumuhunan sa pagpapaunlad ng turismo – ang mga pangasiwaang pambansa, panrehiyon at lokal, mga negosyo, mga asosasyong pangnegosyo, mga manggagawa sa sektor na ito, mga organisasyong di pampamahalaan at lahat ng uri ng kalipunan na kabilang sa industriya ng turismo, gayundin ang mga pamayanang punong-abala, ang media at ang mga turista mismo, - ay may magkakaiba ngunit magkakaugnay na responsibilidad sa pang-indibidwal at panlipunang pag-unlad ng turismo at ang pagbalangkas ng kanilang mga indibidwal na mga karapatan at tungkulin ay makatutulong upang matugunan ang layuning ito,

**Nangangako**, sa pagsunod sa mga layuning sinisikap matamo mismo ng Pandaigdigang Organisasyon sa Turismo mula ng pagtibayin ang resolusyon 364 (XII) sa Pangkalahatang Asamblea ng 1997 (Istanbul), upang itaguyod ang tunay na pagtutulungan ng mga namumuhunang publiko at pribado sa pagpapaunlad ng turismo, at sa paghahangad na makita ang gayong uri ng pagtutulungan at kooperasyon na lumawak, sa lantad at balanseng paraan, hanggang sa mga ugnayan ng mga bansang pinagmumulan at ang tumatanggap sa kani-kanilang mga industriya ng turismo,

**Sa pagsubaybay sa** Manila Declarations ng 1980 sa Pandaigdigang Turismo at ng 1997 tungkol sa Social Impact of Tourism, gayundin tungkol sa Katipunan ng mga Karapatang Panturismo at ang Kodigo ng Turista na pinagtibay sa Sofia noong 1985 sa ilalim ng pagtataguyod ng Pandaigdigang Organisasyon sa Turismo (WTO),

**Subalit naniniwala** na ang mga kasulatang ito ay dapat na sinasamahan ng isang katipunan ng mga simulaing magkakaugnay para sa kanilang interpretasyon at aplikasyon na dapat gawing modelo ng mga namumuhunan sa pagpapaunlad ng turismo ng kanilang asal sa pagsisimula ng ikadalawampu't isang dantaon,

**Ginagamit**, para sa mga layunin ng kasulatang ito, ang mga depinisyon at klasipikasyon na maiaangkop sa paglalakbay, at lalo na ang mga konsepto ng "bisita", "turista" at "turismo", gaya ng pinagtibay ng Ottawa International Conference, na idinaos mula 24 hanggang 28 ng Hunyo 1991 at inaprobahan, noong 1993, ng United Nations Statistical Commission sa ikadalawampu't pitong sesyon,

**Tumutukoy** nang partikular sa mga sumusunod na mga kasulatan:

- Deklarasyong Unibersal ng mga Karapatang Pantao ng ika-10 ng Disyembre 1948;
- Kasunduang Internasyonal sa mga Karapatang Pang-ekonomiya, Panlipunan at Pangkultura ng ika-16 ng Disyembre 1966;
- Kasunduang Internasyonal sa mga Karapatang Sibil at Pulitikal ng ika-16 ng Disyembre 1966;
- Kombensyong Warsaw tungkol sa Air Transport ng ika-12 ng Oktubre 1929;

- Kombensyong Chicago tungkol sa International Civil Aviation ng ika-7 ng Disyembre 1944, at ng Kombensyong Tokyo, Hague at Montreal kaugnay roon;
- Kombensyon tungkol sa Customs Facilities para sa Turismo ng ika-4 ng Hulyo 1954 at kaugnay na Protocol;
- Kombensyon sa Proteksyon ng Pandaigdigang Pangkultura at Likas na Pamana ng ika-23 Nobyembre 1972;
- Deklarasyon ng Maynila tungkol sa Turismong Pandaigdig ng ika-10 ng Oktubre 1980;
- Resolusyon ng Ikaanim na Pangkalahatang Asamblea ng WTO (Sofia) na nagpapatibay sa Katipunan ng mga Karapatang Panturismo at Kodigo ng Turista ng ika-26 ng Setyembre 1985;
- Kombensyon tungkol sa mga Karapatan ng Bata ng ika-26 ng Enero 1990;
- Resolusyon ng Ikasiyam na Pangkalahatang Asamblea ng WTO (Buenos Aires) hinggil sa pagpapadali ng paglalakbay at ng kaligtasan at seguridad ng turista ng ika-4 ng Oktubre 1991;
- Deklarasyon ng Rio tungkol sa Kapaligiran at Pagpapaunlad ng ika-13 ng Hunyo 1992;
- Pangkalahatang Kasunduan tungkol sa Kalakalan sa mga Lingkuran ng ika-15 ng Abril 1994;

  Kombensyon tungkol sa Biodiversity ng ika-6 ng Enero 1995;
- Resolusyon ng Ikalabing-isang Pangkalahatang Asamblea ng WTO (Cairo) tungkol sa pag-iwas sa organisadong turismong seks ng ika-22 ng Oktubre 1995;
- Deklarasyon ng Stockholm ng ika-28 ng Agosto 1996 laban sa Pangkomersyong Sekswal na Paggamit ng mga Bata;
- Deklarasyon ng Maynila tungkol sa Social Impact ng Turismo ng ika-22 ng Mayo 1997;
- Mga Kombensyon at rekomendasyong pinagtibay ng Pandaigdigang Organisasyon sa Paggawa sa larangan ng sama-samang pagpupulong, pagbabawal ng sapilitang paggawa at pagtatrabaho sa bata, pagtatanggol sa mga karapatan ng mga katutubo, at ang pantay na pagtrato at walang pagtatanggi sa lugar ng trabaho;

**ay nagpapatibay ng karapatan sa turismo at kalayaan ng pagkilos ng turista,**

**nagpapahayag ng ating hangaring itaguyod ang makatarungan, responsable at maipagpapatuloy na kaayusan ng turismong pandaigdig, na ang mga benepisyo ay pagsasaluhan ng lahat ng sektor ng lipunan sa kahulugan ng isang bukas at malayang ekonomiyang internasyonal, at**

**taimtim na pinagtitibay para sa mga layuning ito ang mga simulain ng *Pandaigdigang Kodigo ng Etika para sa Turismo.***

# 1

## *Ang ambag ng Turismo sa nagkakaisang unawaan at paggalang sa mga tao at lipunan*

1. Ang unawaan at pagtataguyod ng pagpapahalagang moral na karaniwan sa sangkatauhan, na may saloobing pagpaparaya at paggalang sa iba't ibang mga paniniwalang panrelihiyon, pilosopikal at moral, ay kapwa batayan at bunga ng responsableng turismo; ang mga namumuhunan sa pagpapaunlad ng turismo at mismong mga turista ay dapat bigyang-pansin ang mga tradisyong panlipunan at kultural at mga kinagawian ng lahat ng tao, kabilang yaong mga minorya at mga taong katutubo at kilalanin ang kanilang kahalagahan;

2. Ang mga gawaing panturismo ay dapat isagawa na katugma sa likas na katangian at mga tradisyon ng mga rehiyon at bansang punong-abala at may pagkilala sa kanilang mga batas, kinagawian at kaugalian;

3. Sa kabilang banda, ang punong-abalang mga pamayanan at mga lokal na propesyonal, ay dapat maging pamilyar sa at igalang ang mga turistang dumadalaw sa kanila at alamin ang kanilang uri ng pamumuhay, hilig at mga inaasahan; ang edukasyon at pagsasanay na naibahagi sa mga propesyonal ay nakatutulong sa magiliw at mabuting pagtanggap;

4. Tungkulin ng mga awtoridad pambayan na magkaloob ng proteksyon sa mga turista at bisita at sa kanilang mga ari-ariang personal; kailangan nilang pagtuunan ng pansin lalo na ang kaligtasan ng mga dayuhang turista dahil mas lantad sila sa panganib; dapat nilang pagaanin ang pagpapasok ng mga tiyak na pamamaraan ng impormasyon, pagsugpo, seguridad, seguro at tulong na naaayon sa kanilang mga pangangailangan; anumang mga pag-atake, pananalakay, pagkidnap o banta sa mga turista o manggagawa sa industriya ng turismo, gayundin ang sinadyang pagsira ng

mga pasilidad ng turismo o mga elementong pangkultura o likas na pamana ay dapat mahigpit na kondenahin at parusahan alinsunod sa kani-kanilang mga batas pambansa;

5. Kapag naglalakbay, ang mga turista at bisita ay hindi dapat gumawa ng anumang gawaing kriminal o anumang gawaing ipinalalagay na kriminal ng mga batas ng bansang pinuntahan at umiwas sa anumang kilos na inaakalang makasasakit o makapipinsala sa mga lokal na mamamayan, o makapipinsala sa lokal na kapaligiran; dapat silang umiwas sa pagbebenta ng lahat ng ipinagbabawal na gamot, armas, antigo, mga nanganganib na mga uri ng hayop at produkto at sangkap na mapanganib o ipinagbabawal ng mga regulasyong pambansa;

6. Pananagutan ng mga turista at bisita na maging pamilyar, bago pa man sila umalis, sa mga katangian ng mga bansang kanilang pupuntahan; kailangang mabatid nila ang mga panganib pangkalusugan at seguridad na likas sa alinmang paglalakbay sa labas ng kanilang karaniwang kapaligiran at kumilos sa paraang mababawasan ang mga panganib na iyon;

# *2*

## ***Turismo bilang behikulo para sa kaganapang pang-indibidwal at panlahat***

1. Turismo, ang gawaing pinakamadalas iniuugnay sa pagpapahinga at paglilibang, isports at kontak sa kultura at kalikasan, ay dapat iplano at isagawa bilang isang pribilehiyo sa kaganapang pang-indibidwal at pangkatan; na kapag isinagawa ng may bukas na pag-iisip, isa itong di maaaring palitang salik ng sariling pag-aaral, pagpapaubaya sa isa’t isa at sa pagkatuto hinggil sa lehitimong pagkakaiba ng mga tao at kultura at ang kanilang pagkakaiba-iba;

2. Dapat igalang ng mga gawaing panturismo ang pagkakapantay-pantay ng babae at lalaki; dapat nilang itaguyod ang mga karapatang pantao at higit sa lahat, ang

indibidwal na karapatan ng mga nasa pangkat ng pinakasensitibo, lalo na ng mga bata, matatanda, may-kapansanan, mga minoryang lipi at mga taong katutubo;

3. Ang pagsasamantala sa mga tao sa anumang anyo, partikular ang sekswal, lalo na kapag isinasagawa sa mga bata, mga hidwaan sa mga pangunahing layunin ng turismo at pagiging negatibo ng turismo; sa gayon, alinsunod sa batas internasyonal, dapat masigasig itong labanan sa pakikiisa ng lahat ng Estadong kinauukulan at parusahan ng walang pagsang-ayon ng pambansang lehislasyon ng mga bansang pinuntahan at ng mga bansang gumawa ng ganitong pagkakasala maging ang mga iyon ay isinagawa sa ibayong-dagat;

4. Ang paglalakbay para sa mga layunin ng relihiyon, kalusugan, edukasyon at kultural o mga palitang linggwistiko ay kapaki-pakinabang sa anyo ng turismo, na nararapat pasiglahin;

5. Ang pagsasama sa kurikula ng edukasyon ng kahalagahan ng palitan ng turismo, ang kanilang kapakinabangang ekonomiko, sosyal at kultural, at gayundin ang kanilang panganib, ay dapat pasiglahin;

# *3*

## ***Turismo, salik ng patuluyang pagpapaunlad***

1. Dapat pangalagaan ng lahat ng namumuhunan sa pagpapaunlad ng turismo ang likas na kapaligiran na may layuning makapagtamo ng matatag, tuluy-tuloy at maitataguyod na pag-unlad pangkabuhayan upang matugunan ang mga pangangailangan at mithiin ng kasalukuyan at darating na henerasyon;

2. Lahat ng anyo ng pagpapaunlad panturismo na nakatutulong sa pagliligtas ng pambihira at mahahalagang mapagkukunan, partikular ang tubig at enerhiya, gayundin hangga't maaari ay iwasan ang pagdami ng basura, ay dapat bigyan ng

priyoridad at hikayatin ng pambansa, panrehiyon at lokal na mga awtoridad pambayan;

3. Ang pagpapalit-palit sa panahon at agwat ng dating ng mga turista at bisita partikular yaong nagmumula sa binayarang pagliban at mga bakasyon sa paaralan, at ang higit na pantay na paghahati-hati ng mga pista opisyal ay dapat hingin ng sa gayon ay mabawasan ang dami ng gawaing panturismo sa kapaligiran at mapataas ang kapaki-pakinabang na epekto nito sa industriya ng turismo at lokal na ekonomiya;

4. Dapat iplano ang imprastrakturang panturismo at ang mga gawaing panturismo ay iprograma sa paraang mapangangalagaan ang likas na pamana na binubuo ng mga ecosystem at biodiversity at mapanatili ang mga nanganganib na uri ng buhay-ilang; ang mga namumuhunan sa pagpapaunlad ng turismo, lalo na ang mga propesyonal, ay dapat sumang-ayon sa pagpapataw ng mga limitasyon o pagtatakda sa kanilang mga gawain kapag iyon ay isinasagawa sa partikular na mga sensitibong lugar: ang disyerto, lugar ng mga mataas na bundok, baybay-dagat, tropikong kagubatan o latian, na naaangkop sa paglikha ng mga laan ng kalikasan at lugar na protektado;

5. Ang turismong pangkalikasan at ekoturismo ay kinikilalang nakatutulong lalo na sa pagpapayaman at pagpapataas ng kalagayan ng turismo, sa pasubaling igagalang nila ang likas na pamana at mga lokal na mamamayan at pinanatili ang makakayanang kapasidad ng mga lugar;

# 4

## *Turismo, gumagamit ng pamanang pangkultura ng sangkatauhan at tagapag-ambag para mapataas ito*

1. Ang yamang turismo ay nabibilang sa pamanang panlahat ng sangkatauhan; ang mga pamayanan na kinaroroonan ng mga ito ay may higit na karapatan at pananagutan sa kanila;

2. Ang mga patakaran at gawaing panturismo ay dapat isagawa na may pagsasaalang-alang sa artistiko, arkeolohikal at pamanang kultural; na dapat nilang pangalagaan at isalin sa mga susunod na henerasyon; partikular na pag-iingat ang dapat iukol sa pagpapanatili at pagpapabuti ng mga monumento, dambana at museo gayundin ang lugar arkeolohikal at makasaysayan na kailangan bukas para sa mga pagbisita ng turista; dapat na hikayatin ang pagkakaroon ng kaluwagan sa pagtungo sa mga pribadong ari-ariang pangkultura at mga monumento, na may pagsasaalang-alang sa mga karapatan ng may-ari, gayundin sa mga gusaling panrelihiyon, na hindi nakapipinsala sa normal na pangangailangan ng pagsamba;

3. Ang mapagkukunang pinansyal na kinita sa pagtungo sa mga lugar na pangkultura at mga monumento ay dapat, kahit bahagi lang nito, gamitin sa pangangalaga, pag-iingat, pagpapaunlad at pagdedekorasyon ng pamanang ito;

4. Ang gawaing panturismo ay dapat iplano sa paraang ang mga tradisyunal na mga produktong pangkultura, kahusayan sa paggawa at folklore na manatili at umunlad, sa halip na maging dahilan para ito ay bumaba at maging pare-pareho;

# 5

## *Turismo, isang gawaing kapaki-pakinabang sa mga bansa at pamayanang punong-abala*

1. Ang mga lokal na mga mamamayan ay dapat iugnay sa mga gawaing panturismo at makibahagi nang pantay sa mga benepisyong pangkabuhayan, panlipunan at pangkultura na kanilang nilikha, lalo na ang paglikha ng tuwiran at di-tuwirang trabaho na bunga nito;

2. Ang mga patakarang panturismo ay dapat pairalin sa paraang makatutulong na mapataas ang pamantayan ng pamumuhay ng mga mamamayan ng mga rehiyong pinuntahan at matugunan ang kanilang mga pangangailangan; ang pagpaplano at lapit arkitektural sa at ang operasyon ng mga resort at akomodasyong panturismo ay dapat maglayong mapag-isa sila, hangga't maaari, sa lokal na kabuhayan at lipunang balangkas; kung saan pantay-pantay ang kasanayan, ang priyoridad ay dapat ipagkaloob sa lokal na laang-bisig;

3. Dapat pag-ukulan ng higit na pansin ang mga partikular na suliranin ng baybay-dagat at mga teritoryong isla at sa mga rehiyong rural o bulubundukin na namimingit sa kapahamakan, na ang turismo ay kadalasang kumakatawan sa pambihirang pagkakataon sa pagpapaunlad sa harap ng humihinang tradisyunal na mga gawaing pangkabuhayan;

4. Ang mga propesyonal sa turismo, lalo na ang mga namumuhunan, na nasasaklawan ng mga regulasyong ipinatutupad ng mga awtoridad pambayan, ay dapat magsagawa ng mga pag-aaral sa epekto ng kanilang mga proyekto sa pagpapaunlad sa paligid at sa likas na kapaligiran; dapat din nilang maipabatid, taglay ang pagiging malinaw at obhetibo, ang impormasyon hinggil sa kanilang mga programa sa hinaharap at ang

kanilang nakini-kinitang resulta at ganyakin ang kanilang pakikipagdayalog sa mga kinauukulang mamamayan ukol sa nilalaman ng mga iyon;

# *6*

## *Mga obligasyon ng namumuhunan sa pagpapaunlad ng turismo*

1. Ang mga propesyonal sa turismo ay may obligasyong magkaloob ng mga obhetibo at matapat na impormasyon sa mga turista hinggil sa mga lugar na kanilang patutunguhan at sa mga kondisyon ng paglalakbay, pagtanggap at pananatili; titiyakin nila na ang mga tadhana batay sa kontratang kanilang ipinanukala sa mga kostumer ay madaling maunawaan ayon sa uri, halaga at kalidad ng mga serbisyong kanilang ipinangako sa sarili na makapagbigay at ang pinansyal na kompensasyong kanilang babayaran sakaling mangyari ang isang unilateral na paglabag sa kontrata sa panig nila;

2. Ang mga propesyonal sa turismo, hanggang nakasalalay sa kanila, ay dapat magpakita ng malasakit, sa pakikipagtulungan ng mga awtoridad pambayan, para sa seguridad at kaligtasan, pag-iwas sa aksidente, proteksyon sa kalusugan at kaligtasan sa pagkain sa mga humahanap ng kanilang paglilingkod; gayon din, dapat nilang tiyakin ang pag-iral ng isang angkop na sistema ng seguro at pagtulong; dapat nilang tanggapin ang obligasyong pag-uulat sa mga itinakda ng pambansang mga regulasyon at magbayad ng makatuwirang kabayaran kung sakaling mabigong masunod ang kanilang obligasyon sa kontrata;

3. Ang mga propesyonal sa turismo, hanggang nakasalalay ito sa kanila, ay dapat tumulong sa kaganapang kultural at ispiritwal ng mga turista at payagan sila, habang nasa kanilang paglalakbay, na magamit ang kanilang relihiyon;

4. Ang mga awtoridad pambayan ng mga pinagmulang estado at ang mga punong-abalang bansa, sa kooperasyon ng mga kinauukulang propesyonal at kanilang mga

asosasyon, ay dapat masiguro na ang mga kinakailangang mekanismo ay nasa ayos para sa pagpapabalik sa sariling bansa ng mga turista sakaling mabangkarote ang ahensyang nag-organisa ng kanilang paglalakbay;

5. Ang mga pamahalaan ay may karapatan at tungkulin lalo na sa krisis, na ipabatid sa kanilang mamamayan ang gipit na kalagayan o maging ang mga panganib na kanilang haharapin sa kanilang paglalakbay sa ibayong-dagat; pananagutan nila gayunpaman na mag-isyu ng gayong impormasyon ng walang pinsala sa isang paraang di matuwid o may kalabisan sa industriya ng turismo ng punong-abalang bansa at ang interes ng mga sariling tagapamahala; ang mga nilalaman ng kanilang mga payo sa paglalakbay samakatuwid ay dapat matalakay muna ng mga awtoridad ng punong-abalang bansa at mga kinauukulang propesyonal; ang rekomendasyong nabuo ay kailangang tamang-tamang ibigay sa kalubhaan ng mga pangyayaring nakaharap at nakapaloob sa lugar heograpiko kung saan ang kawalang kaligtasan ay nangyari; ang gayong mga payo ay dapat kuwalipikado o kanselahin sandaling manumbalik na sa normal ang lahat;

6. Ang pahayagan, at partikular ang tanging pahayagan sa paglalakbay at iba pang media, kabilang na ang modernong paraan ng komunikasyong elektroniko, ay dapat magpalabas ng matapat at balanseng impormasyon sa mga pangyayari at kalagayan na maka-iimpluwensya sa pagdagsa ng turista; dapat silang magbigay ng tumpak at kapani-paniwalang impormasyon sa mga konsyumer ng mga lingkurang panturismo; ang mga bagong teknolohiya sa komunikasyon at elektronikong pangkomersyo ay dapat ding mapaunlad at magamit sa ganitong layunin; hinggil sa media, hindi nila dapat itaguyod sa anumang paraan ang turismong sekswal;

# 7

## *Karapatan sa Turismo*

1. Ang inaasahang tuwiran at pansariling pamamaraan sa pagtuklas at pagtamasa ng yaman ng daigdig ay kinabibilangan ng karapatan na bukas sa lahat ng naninirahan sa mundo; ang lalong malawakang pakikilahok sa turismong pambansa at internasyonal ay dapat ituring bilang isa sa posibleng pinakamahalagang pagpapahayag ng katunayan sa pag-unlad ng malayang panahon, at hindi dapat magkaroon ng anumang hadlang dito;

2. Ang unibersal na karapatan sa turismo ay kinakailangang ituring bilang bunga ng karapatan sa pagpapahinga at paglilibang, kabilang ang makatwirang limitasyon sa oras ng trabaho at pana-panahong walang-pasok na may bayad, na ginagarantiyahan ng Artikulo 24 ng Pandaigdigang Deklarasyon ng Karapatang Pantao at Artikulo 7 d ng Internasyonal na Kasunduan tungkol sa mga Karapatang Ekonomiko, Sosyal at Kultural;

3. Turismong panlipunan, at sa partikular ang turismong nag-uugnay, na siyang nakapagpapadali ng malawakang daan sa paglilibang, paglalakbay at walang-pasok, ay dapat paunlarin sa tulong ng mga awtoridad pambayan;

4. Ang turismong pampamilya, pangkabataan, pang-estudyante, at pangmatanda, at turismo para sa mga taong may-kapansanan, ay dapat pasiglahin at padaliin;

# *8*

## *Kalayaan sa Pagkilos ng Turista*

1. Ang mga turista at mga bisita ay dapat makinabang, bilang pagtalima sa batas internasyonal at pambansang lehislasyon, sa kalayaang kumilos sa loob ng kanya-kanyang bansa at mula sa isang Estado patungo sa iba, alinsunod sa Artikulo 13 ng Unibersal na Deklarasyon ng mga Karapatang Pantao; dapat na magkaroon sila ng kaliwanagan sa mga lugar ng pagdaraanan at tutuluyan at sa lugar panturismo at pangkultura nang hindi papailalim sa labis na mga pormalidad o diskriminasyon;

2. Ang mga turista at mga bisita ay dapat na makagamit ng lahat ng uri ng komunikasyong maaaring gamitin, panloob o panlabas; dapat ay makinabang sila sa mabilis at madaling paraan na makakuha ng mga lokal an paglilingkod administratibo, legal at pangkalusugan; dapat silang maging malaya na makaugnayan ang mga kinatawang konsular ng kanilang mga bansang pinagmulan sa pagtalima sa pinaiiral na mga kalakarang diplomatiko;

3. Ang mga turista at bisita ay dapat makinabang sa mga katulad na karapatan ng mga mamamayan ng bansang binibisita hinggil sa paglilihim ng mga personal na datos at impormasyon tungkol sa kanila; lalo na kung ito ay nakatago sa pamamaraang elektronikal;

4. Ang mga pamamaraang administratibo kaugnay ng pagtawid ng hanggahan mapailalim man ang mga ito sa kapangyarihan ng mga Estado o resulta ng mga kasunduang internasyonal, gaya ng visa o mga pormalidad pangkalusugan at pang-adwana, ay dapat ilapat, hangga’t maaari, upang mapadali ang lubos na kalayaan ng paglalakbay at malawakang daan sa turismong internasyonal; ang mga kasunduan ng mga bansa na makapag-aayos at makapagpapapadali sa mga pamamaraang ito ay dapat suportahan; ang mga espisipikong buwis at bayarin na nagpapahirap sa

industriya ng turismo at nakasisira ng pagiging kompetitibo nito ay kailangan na unti-unting alisin o iwasto;

5. Hangga't itinutulot ng sitwasyong ekonomiko ng mga bansa kung saan sila ay nagmula, ang mga manlalakbay ay dapat magkaroon ng kaluwagan sa napapalitang salapi na kailangan nila sa mga paglalakbay;

# *9*

## ***Mga Karapatan ng mga Manggagawa at Mangangalakal sa Industriya ng Turismo***

1. Ang pangunahing karapatan ng mga manggagawang suwelduhan at kumikita sa sariling negosyo sa industriya ng turismo at mga kaugnay na aktibidad nito ay dapat garantiyahan sa ilalim ng superbisyon ng pambansa at lokal na pangasiwaan, kapwa ng Estadong kanilang pinanggalingan at ng punong-abalang bansa na may partikular na pag-iingat dahil sa tiyak na limitasyong nauugnay ng partikular sa pana-panahong aktibidad nila, ang pandaigdigang saklaw ng kanilang industriya at ang fleksibilidad na madalas na hinihingi sa kanila dahil sa uri ng kanilang gawain;

2. Ang manggagawang suwelduhan at kumikita sa sariling negosyo sa industriya ng turismo at kaugnay na gawain ay may karapatan at tungkuling magkaroon ng nararapat na panimula at tuluy-tuloy na pagsasanay; dapat silang pagkalooban ng sapat na proteksyong panlipunan; hangga't maaari ay malimitahan ang walang katiyakan sa trabaho; at isang tiyak na kalagayan, na may partikular na pagsasaalang-alang sa kagalingang panlipunan, ay dapat ibigay sa mga panahunang manggagawa ng sektor;

3. Sinumang likas o legal na tao, sa pasubali na siya, ay may sariling kakayahan at kasanayan, ay may karapatan na mapaunlad ang isang gawaing propesyonal sa

larangan ng turismo sa ilalim ng umiiral na mga pambansang batas; mga entreprenuer at mamumuhunan – lalo na sa larangan ng maliit at di kalakihang negosyo – ay dapat na magkaroon ng malayang pakikipag-ugnay sa sektor ng turismo ng may minimum na limitasyong legal at administratibo;

4. Ang pagpapalitan ng mga karanasan na ipinagkakaloob sa mga ehekutibo at mga manggagawa, maging ito man ay suwelduhan o hindi, mula sa iba't ibang bansa, ay nakapag-ambag sa pagpapaunlad ng industriya ng turismong pandaigdig; ang mga kilusang ito ay dapat gawin na hangga't maaari ay bilang pagsunod sa angkop na pambansang batas at mga kombensyong internasyonal;

5. Bilang isang di mapapalitang salik ng pagkakaisa sa pagpapaunlad at masiglang paglago ng mga palitang internasyonal, di dapat pagsamantalahan ng mga negosyong multinasyonal ng industriyang panturismo ang mga dominanteng posisyon na kung minsan ay okupado nila; dapat nilang iwasang maging paraan ng modelong kultural at sosyal na artipisyal na ipinapataw sa mga punong – abalang pamayanan; bilang kapalit ng kanilang kalayaang mamuhunan at mangalakal na dapat ay lubusang kinikilala; dapat na sila mismo ay makilahok sa lokal na pagpapaunlad, na iwasan ang labis-labis na pagpapabalik ng kanilang tubo o ng kanilang angkat, na isang kabawasan ng kanilang kontribusyon sa mga ekonomiyang kilalalagyan nila;

6. Ang pagsasamahan at ang pagtatatag ng balanseng ugnayan sa pagitan ng mga negosyo ng mga bansang pinagmumulan at tumatanggap ay nakatutulong sa matatag na kaunlaran ng turismo at ang pantay na pamamahagi ng mga kapakinabangan sa kita nito;

# *10*

## ***Pagpapatupad ng mga prinsipyo ng Pandaigdigang Kodigo ng Etika para sa Turismo***

1. Ang pambayan at pribadong namumuhunan sa pagpapaunlad ng turismo ay dapat makipagtulungan sa pagpapatupad ng mga prinsipyong ito at i-monitor ang epektibong aplikasyon nito;

2. Dapat kilalanin ng mga namumuhunan sa pagpapaunlad ng turismo ang bahaging ginagampanan ng mga institusyong internasyonal, kung saan ang Pandaigdigang Organisasyon sa Turismo ang nangunguna, at mga organisasyong di pampamahalaan na may kakayahan sa larangan ng pagtataguyod at pagpapaunlad ng turismo, ang proteksyon ng mga karapatang pantao, ang kapaligiran o kalusugan, nang may paggalang sa pangkalahatang prinsipyo ng batas internasyonal;

3. Ang mga namumuhunan ding ito ay dapat magpakita ng intensyong idulog ang anumang di pagkakaunawaan tungkol sa pagpapairal at interpretasyon ng Pandaigdigang Kodigo ng Etika para sa Turismo para sa konsilyasyon sa walang kinikilingang ikatlong pangkat na kilala bilang Pandaigdigang Komite sa Etikang Panturismo.

**ANG PANDAIGDIGANG ORGANISASYON SA TURISMO**
ay ang tanging organisasyong pampamahalaang naglilingkod bilang pandaigdigang forum para sa mga patakaran at mga isyung panturismo. Kabilang sa mga Miyembro nito ang 138 bansa at teritoryo gayon din ang mahigit sa 350 Kasaping mga Miyembro mula sa pampubliko at pribadong sektor. Ang misyon ng WTO ay upang itaguyod at paunlarin ang turismo bilang isang makabuluhang paraan sa pagpapatatag ng pandaigdigang kapayapaan at pagkakaunawaan, kaunlaran ng ekonomiya at kalakalang internasyonal.

INTERNET : www.world.tourism.org